{Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay higit na matindi sa pagkamahiyain kaysa sa birheng nasa silid nito. Kapag nakakakita siya ng isang bagay na kinasusuklaman niya, nalalaman namin ito sa mukha niya.}

Ayon kay Abū Sa`īd Al-Khudrīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Ang Propeta noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay higit na matindi sa pagkamahiyain kaysa sa birheng nasa silid nito. Kapag nakakakita siya ng isang bagay na kinasusuklaman niya, nalalaman namin ito sa mukha niya.}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpapabatid si Abū Sa`īd Al-Khudrīy (malugod si Allāh sa kanya) na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay higit na matindi noon sa pagkamahiyain kaysa sa dalagang donselya na hindi nakapag-asawa at hindi nakihalubilo sa mga lalaki, na nakatabing sa bahay nito. Bahagi ng katindihan ng pagkamahiyain niya na kapag nasuklam siya sa isang bagay, nag-iiba ang mukha niya at hindi siya nagsasalita; bagkus naiintindihan ng mga Kasamahan niya ang pagkasuklam niya roon sa mukha niya.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3153